LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino

# Ang Tatlong Kahilingan ni Mina



Inilathala ng UNICEF



Isang gabi, nagkuwento ang lola kina Mina at Rahu tungkol sa kuwento ni Aladdin at ang kaniyang mahiwagang lampara. Sa tuwing hahaplusin ni Aladdin ang kaniyang lampara ay lumilitaw ang isang *genie* at nagkakatotoo ang lahat ng kaniyang mga hiling.




Nang gabing iyon, nanaginip si Mina na sila ay lumilipad gamit ang isang mahiwagang karpet. Marami silang nakitang magagandang bagay.




Nakakita rin sila ng mga baryo kung saan ang mga bata ay may sakit at malungkot.



Nalungkot si Mina nang makita ang mga batang may sakit.



Napagtanto niyang maraming sakit ang naidudulot nang hindi paggamit ng malinis na tubig sa paliligo at inumin.



May isang genie na nag-alok
na tutuparin ang anumang
kahilingan ni Mina. Ano kaya ang
hihilingin ni Mina?



“Hiling ko na ang lahat ng tao ay gagamit ng malinis na palikuran,” sabi ni Mina.



"Ang ikalawa kong kahilingan ay gumamit ang lahat ng ligtas at malinis na tubig upang maiwasan ang anumang sakit."



“Hinihiling ko rin na sila ay maghugas ng kanilang mga kamay bago at pagkatapos gumamit ng palikuran o maglinis ng dumi ng sanggol,” dagdag pa ni Mina.



Namangha ang genie sa tatlong kahilingan ni Mina at ipinagkaloob niya ito sa kanila. At sa kaniyang panaginip, nakita ni Mina ang mga tao sa baryo na naging malusog at masaya.



Kinaumagahan ay ikinuwento ni Mina kay Rahu ang tungkol sa kaniyang panaginip. Napagpasyahan niyang magsisikap siya upang matupad ang kaniyang mga kahilingan.



Nang araw ding iyon ay bumisita sa bahay nina Mina ang kaibigan niyang si Tara at ang pinuno ng baryo. Napag-usapan nila ang planong pagpapatayo ng mga palikuran sa kanilang baryo.



Nakapagpatayo ang pamilya nina Mina ng mura at malinis na palikuran sa tulong ni Tara.



Hindi nagtagal ay natupad ang unang kahilingan ni Mina. Sumunod na ring magpagawa ng sariling palikuran ang ibang tagabaryo.



At tinitiyak ni Mitu na ginagamit ito ng lahat!



Ipinaliwanag din nina Mina at Rahu sa mga tagabaryo na dapat silang gumamit ng malinis na tubig para sa inumin, paliligo, at paghuhugas ng pagkain at mga kagamitan.



Muling nag-ikot si Mitu sa buong baryo upang paalalahanan ang mga bata na huwag uminom o maligo sa tubig na hindi malinis.



Bagaman natupad na ang dalawa sa kaniyang mga kahilingan, marami pa ring bata sa baryo ang nakararanas ng pagtatae. Nagpatawag si Mina ng pulong sa kaniyang mga kaibigan para maagapan ang problema.



Ipinaliwanag nina Mina na mahalaga na ang lahat ay dapat na maghugas ng kanilang mga kamay gamit ang tubig at sabon o abo bago at pagkatapos gumamit ng palikuran o maghugas ng dumi ng sanggol.



Hindi nagtagal ay natupad na rin ang pangatlong kahilingan ni Mina. Dahil sa malinis na mga palikuran, ligtas na inuming tubig, at malinis na pamumuhay, naging malusog at masaya ang lahat ng mga tao sa baryo.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation